

# Isang Preliminaryong Analisis ng So Ayun bilang Discourse Marker<sup>1</sup>

Julia Martha P. Magno, Jessa Cristelle Hannah O. Aviso,  
at Cheska B. Cendaña

## Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay isang pag-analisa sa Ingles na *discourse marker* na *so*, na kumakapit sa Tagalog na salitang *ayun*. Ang *so ayun* (SA) ay kalimitang maririnig, mababasa, at makikita sa *social media* at iba pang mga konteksto, bilang pambungad sa isang usapin o pang-usad sa panibagong usapin. Upang talakayin ang paggamit nito, ang dalawang pangunahing layunin ng papel na ito ay: (a) maipaliwanag ang pinanggalingan ng SA, gamit ang teorya ng *grammaticalization*; at (b) mailarawan ang paggamit nito sa konteksto ng *Taglish* (o ng *code-switching*) at *Philippine English* sa pang-araw-araw na

---

<sup>1</sup>Na may kasamang mga *revisions* báse sa mga komento ni Sir Vincent Christopher A. Santiago, at pagkatapos nitong i-present sa *15th Philippine Linguistics Congress* noong Agosto 2023.

pakikipag-usap. Mula sa historikal na batis, nabuo ang haypotesis na nagsimula ang *ayun* bilang pambungad, at sa kalaunan ay ginamit na rin sa paglalagom at kinabitan ng *so*. Báse naman sa mga datos mula sa mga *vlogs* at mga *tweet*/komento naman, naobserbahang tila mas nagbe-*behave* bilang klitik ang *ayun* kaysa *so*. Naipakita ring may samu't saring gamit, lokasyon, konteksto, pagbigkas at pagbaybay, at kombinasyon ng iba pang mga klitik ang SA.

*Mga Susing Salita: ayun, code-switching, deictics, discourse marker, grammaticalization, klitik, so ayun*

## 1 Introduksyon

Bilang isang bansang nakaranas ng pagsakop at impluwensya ng mga Amerikano, ang Pilipinas ay hindi naka-iwas sa paggamit ng wikang Ingles dahil naging opisyal din ito sa ating bansa. Sa maraming panahong nagdaan, ang wika ay patuloy na nagbabago at lumalawak, kaya marami sa atin ay gumagamit ng CODE-SWITCHING, o ang sabay na paggamit ng mga kombinasyon ng morpema mula sa dalawang magkaibang wika, sa loob ng isang STRETCH OF DISCOURSE (de Rooij, 1996, sipi sa Kwon, 2017). Ang TAGLISH, o ang pagkahalo ng Tagalog at Ingles, ay nakasalig din dito (Lesada, 2017). Kadalasang mahahalata ang pag-*code-switch* sa lebel ng morpolohiya (hal., *magmu-movie kami*), ngunit makikita rin ito sa tinatawag nating *discourse markers*. Ang mga DISCOURSE MARKERS, o DMs, ay mga salitang nakadepende sa *sequence*, at sila ang mga nagba-

*bracket* sa mga yunit ng pananalita, ayon sa klasikong depinisyon ni Schiffrin (1987, sipi sa Heine, 2013).

Ang paggamit ng *discourse marker* na *so ayun* (gagamitin din namin ang SA) ay kalimitan maririnig, makikita, at mababasa sa mga iilang *video* at *posts* sa *social media*, tulad na lamang ng paggamit ng mga *vloggers* bilang pambungad at pangwakas nilang pagbati sa kanilang manonood. Gayundin sa pang-akademikong pamamaraan, na kung saan ang mga propesor at estudyante ay gumagamit nito sa mga lektyur at presentasyon.

Ngunit, mga impormal na obserbasyon lamang ang mga nabanggit. Sa pag-aaral na ito, tatalakayin ang *behavior* ng SA bilang *discourse marker* sa konteksto ng Filipino, *Philippine English*, *Taglish*, at maging sa wikang kolokyal ng mga Pilipino, gamit ang konseptwal na lente ng GRAMMATICALIZATION. Sa madaling salita, alinsunod sa teoryang ito, ang *grammar* ng isang wika ay patuloy na nagbabago at nag-e-*evolve* (V. C. A. Santiago, personal na komunikasyon, 2021). Lumitaw itong termino noong 1912 at galing daw mula kay Antoine Meillet (Luraghi & Bubenik, 2010). Isa rin daw itong *macro-change*—ang *grammaticalization* ay *macro-change* na sumasaklaw sa pagbabago sa laman o *content* (*grammation* o *regrammation*), sa sintaks ng *content* (*upgrading*), sa ekspresyon (*reduction*), at sa sintaks ng ekspresyon (*integration*). Sa ibang salita, isa itong *umbrella term* para sa mga paraan ng pagbuo ng mga “pormang gramatikal” (p. 376).

Napakalawak ng pananaliksik tungkol sa tatlong pangkalahatang paksang nabanggit: (a) sa *Taglish* at bilingguwalismo, (b) sa mga *discourse markers*, at (c) sa *grammaticalization*; at pati na rin sa mga *overlap* ng mga ito (e.g., Hsieh & Tanangkingsing, 2006; Latrouite, 2013; Loureiro-

Porto, 2019). Sa pagtalakay namin sa DM na *so ayun* o SA, inaasahan naming may maidadagdag pang mga hinuhang makakatulong sa pag-iintindi natin sa pagko-*code-switch*, mga DMs, at maging ang balarila ng karaniwang uri ng pananalitang umiiral sa mga Pilipino ngayon.

Ang pangunahing layunin ng papel ay upang maipaliwanag ang pinanggalingan at paggamit ng *so ayun* o SA. Tatalakayin ang mga ito sa konteksto ng *Taglish* at *Philippine English*, i.e., sa pang-araw-araw na pakikipag-usap. Ipapakita namin kung anong puwesto sa pangungusap ang SA: sa unahan, gitna, o hulihan ng isang *stretch of discourse*. Titingnan din namin kung nakadepende ba ito sa tao.

Ang mga sekondaryang layunin naman ay upang madokumento ang mga kasunod na *enclitic* ng SA na napapansin namin, tulad ng *na*, *nga*, *po*, o *lang*, at maitala ang ilang interesanteng pagbabago sa porma ng SA sa paglipas ng panahon, tulad ng ponolohikal na ebolusyon ng /so=aju:n/ patungo sa /so=ajərn/.

Ang pag-aaral na ito ay magbibigay ng karagdagang kaalaman patungkol sa paksa ng gramatikalasasyon sa Tagalog partikular na ang mga *discourse marker* at ang implikasyon nito para sa tipolohikal na pagbabago, lalo na sa larangan ng kontemporaryong diskurso sa Pilipinas. Dagdag pa rito ay ang kontribusyon ng pag-aaral sa paksa ng mga Tagalog ingklitik at proklitik na siyang sekondaryang layunin ng papel. Bukod pa rito, magbibigay ng preliminaryong pag-iimbestiga ang papel na ito tungkol sa pinagmulan ng SA, at inaasahan ng mga mananaliksik ng papel na ito ay maging simula upang mapalawak pa ang pag-aaral ng paksang ito sa hinaharap.

Hahatiin sa apat na bahagi ang mga nilalaman ng aming pananaliksik:

1. ipapakita namin ang mga pag-aaral na may kaugnayan sa *grammaticalization*, diskurso, at *code-switching* sa konteksto ng Pilipinas (Seksyon 2);
2. idi-*discuss* ang teoretikal na basehan ng itong pag-aaral at ang aming mga haypotesis (Seksyon 3);
3. ilalahad ang naging metodolohiya at saklaw at limitasyon ng pag-aaral (Seksyon 4); at
4. ilalatag namin ang resulta at diskusyon, paglalagom at konklusyon, at mga rekomendasyon (Seksyon 5 at 6).

## 2 Mga Kaugnay na Literatura

May mga pag-aaral sa mga wikang Pilipinas na may kaugnayan sa *grammaticalization*. Sinuri ni Reid (2000) ang *particle* na *ang* at nagbigay siya ng haypotesis sa pagbuo nito, alinsunod sa mga prinsipyo ng *grammaticalization*. Marahil daw na nagsimula ito sa dalawang *particle*, ang \*ʔa at \*na. Ang \*ʔa ay nagsimula raw bilang *demonstrative*, na sinundan ng \*na na *ligature*. Naging *velar nasal* ang \*na at dumikit ito sa \*ʔa, at nabuo ang *determiner* na *ang*. In-update niya ang *typology* nito sa Reid (2002): báse sa bagong ebidensya at sa mismong proseso pa rin, hindi raw sila *determiner*, kundi EXTENSION NOUNS (p. 306).

Ayon naman kay Latrouite (2013) ang mga paraan ng pagpresenta ng katangian ng pagka-*topic*. Ang pangunahing argumento dito ay sumasang-ayon daw ang *grammaticalization* ng *topichood* sa madalas na makikitang *patient-orientedness* ng mga wikang Pilipinas (p. 1). Kontribusyon din nito ang detalyadong pagsuri ng *topic* at *focus*

sa larang ng diskurso at semantiks, at ang *behavior* ng *information structure*<sup>2</sup> sa lebel ng klosa, pangungusap, at diskurso.

Sa Hsieh at Tanangkingsing (2006), sinuri ang mga halimbawa ng tinatawag na SEMANTICALLY-EMPTY ROOT (p. 12) sa dalawang wikang Austronesyano. Ang mga ito ay Kavalan, isang Formosan na wika (*iza*), at Cebuano (*ku'an*). Nagbe-*behave* daw ang mga ito bilang mga DM, panghalili sa mga maselang salita, atbp. At sa mga halimbawa nila, walang espisipikong posisyon o gamit sa isang haba ng diskurso ang mga ito.

Isa ring layunin ng papel nila ang pag-*debunk* sa isang prinsipyo ng *grammaticalization*, ang konsepto ng UNIDIRECTIONALITY. Saad ng konsepto nito na ang proseso ng *language change* ay nagmumula sa mga leksikal patungo sa mga gramatikal na yunit (Traugott, 2010). Ngunit sa kanilang pananaliksik, bagamat *zero* ang mga semantik na bigat ng mga salita, nagkakaroon sila ng kahulugan mula sa gamit bilang *word-filler* at iba pa. Ito ay dahil nade-*define* ang mga ito ng panlipunang aspekto at pragmatiks ng iba't ibang sitwasyon (Hsieh & Tanangkingsing, 2006).

Báse sa mga nai-*cite* na mga pag-aaral, halatang ang *grammaticalization* ay may direktang kinalaman sa pragmatiks at diskurso. Dako naman tayo sa mga pag-aaral tungkol sa *discourse markers* (DMs).

Ayon kina Koops at Lohmann (2013) at Redeker (1991), sinasaad ni Schiffirin (1987) na ang mga DM sa grammar ng Ingles ay kalimitang ginagamit kasama ng iba pang uri ng DMs, katulad ng mga sumusunod: *oh* at *well* bilang *particles*; *and*, *but*, *or*, at *so* bilang mga *conjunctions*; at

---

<sup>2</sup>Ang INFORMATION STRUCTURE ay may kinalaman sa “different ways of establishing and enriching the Common Ground shared by the speaker and the addressee” (Latrouite, 2014, p. 159).

mga *time deictics* na *now* at *then*. Sinaad din ni Schiffrin (1987) sa kanyang *discourse model* na ang mga DMs ay may dalawang tungkulin: primarya at sekondarya. Ang mga nasa primarya ay nagbibigay impormasyon at partisipasyon, tulad ng *oh well, you know*, at *I mean*; samantala kapag sa sekondarya ay nagkakaroon ng palitan ng ideya o nagkakaroon ng ideya. Ang mga *conjunctions* at *time deictics* ay maaaring maging primaryang uri upang ikonekta o iugnay ang naging ideya o pangungusap sa isa't isa, at maaaring maging sekondarya rin ito. Gayunpaman, nais ilahad ni Schiffrin (1987) na ang paggamit ng *so* ay naglalahad ng resulta, at sinasabing kapag ang tagapagsalita ay gumamit na nito nagkakaroon na ng impormasyon ang tagapakinig na dadako na sa panibagong usapin ang tagapagsalita. At ang *so* ay isang interaksyonal na DM at kalimitan maririnig o makikita bilang *transition* o pag-dako sa panibagong usapin (Walrod, 2006).

Kapag ginagamit ang *so* sa di-pormal o pormal na sulatin, sinasaad ni Walrod (2006, p. 5) na ito ay *neutral* lamang at nagiging *linkage* ito. Sa Buyse (2012), nagtala ng sampung gamit ang DM na *so*. Kabilang dito ang paglalahad ng resulta, bilang konklusyon, pagdikta, pagsalita nang mas mahabang oras, pagbuod, pagpapakilala ng bagong paksa, pagbalik sa bagong paksa, pagpalit ng paksa, paglahad ng elaborasyon, at ang pagkonekta ng sarili sa paksang pinag-uusapan. Sinasabi din nina Koops at Lohmann (2013) na ang *so* ay hindi maaaring mawala sa Ingles na pangungusap dahil malaking bahagi ito ng *syntactic construction*.

Ayon kay De Ramos (2010), sinaad nina Blakemore (1987, 2002), Blass (1990), Eslami at Eslami-Rasekh (2007), Iten (1998), at Wilson at Sperber (1993) na mas maintindihan ng mga mambabasa ang mensahe kapag may DMs sa mga akda ng isang manunulat.

Ang DMs ay kombinasyon sa *non-nominative order*, tulad ng *so and* at *and so*. Ayon sa saad nina Koops at Lohmann (2013), sinasabi ni Auer (1996) na mayroong dalawang klase ng porma ng DM. Una rito ay “*dialogical, sequential structure is condensed and compacted into a grammatical one.*” Ito ay ang mga *imperative (listen, look)*, *address terms (boy, man)*, *interjections (oh, well)*, at ang *assessment/agreeing responses (well, sure, right)*. Ang ikalawa naman ay “*constituent moves out of the grammatical centre of the sentence into this (...).*” Ang mga nasa ilalim nito ay ang *adverbials (like, anyway)*, *matrix clauses (I mean, I guess)*, at ang *discourse markers* o ang mga ibang *conjunctions (and, because, so)*. Para sa unang klase, sinasabing ang inisyal na DM ay mula sa kaliwa, samantalang ang mga DM na nasa ikalawang klase naman ay napupunta sa posisyon mula sa kanan.




Figura 1. Ang Dalawang Uri ng Porma ng DMs (Auer, 1996, sipi sa Koops at Lohmann, 2013)

Sa pagsuri natin sa pangalawang elemento ng SA, ang *ayun*, makikita ang pagka-DM din nito, na may pagkatulad sa mga *deictics* na binanggit sa taas.



Ayon kina Schachter at Otones (1972, p. 215), isa sa mga *attention-directing deictics* ng Tagalog ang *(h)ayun*, na may mga *variant* na *(h)ayon* at *ayon*. Sa Ingles, nangangahulugang ‘there’ raw ito.

May mahahalagang impormasyon sila tungkol sa gamit at puwesto ng mga *attention-directing deictics* katulad ng *ayun*. Lagi raw nangunguna lamang ito sa mga pangungusap, at maaari ring mag-isa. Ayon sa analisis na ito, ang susunod na halimbawa ay sumusunod sa estilo ng glossing ni Nolasco.<sup>3</sup>

- (1) *Hayun.*  
 (h)?ayun  
 DIST.ADD  
 ‘There it is.’

Nagsisilbi rin siyang *predicate* kung may kasamang sumusunod na *topic*. Dito, *argument* siya ng isang klosa.

- (2) *Ayun si Pedro.*  
 (h)?ayun si Pedro  
 DIST.ADD PERS.ABS Pedro  
 ‘There is Pedro.’

At sa huli, nabubuo rin ng mga ito ang mga konstruksyon kasama ng *at* at isang buong klosa.

- (3) *Ere at biyuda na siya.*  
 ?ere at biyuda=na siya  
 PROX.ADD CONJ widow=PRT.already 3SG.ABS  
 ‘Here she is, a widow already.’

<sup>3</sup>Batay sa Linggwistikos 120 lektur ni Prop. Ricardo Nolasco noong AY 2019–2020.

(4) *Ayun at nasa isang taxi sila.*

(h) ?ayun at nasa ?isa-ng=taxi sila

DIST.ADD CONJ OBL one-LKR=taxi 3PL.ABS

‘There they are in a taxi.’

Mahihinuhang napakahalagang parte ang pagtukoy ng *referent* ng *ayun* ng SA sa pagpapakahulugan ng konstruksyong ito, at may bigat din sa pag-determina sa puwesto. Ngunit hindi ito naisama sa pagbuo ng mga haypotesis namin sa ikatlong parte ng papel, dahil aaminin naming binalikan ang sanggunian pagkatapos ng pagkalap ng datos at noon lamang natunghayan ang kasaysayan ng *ayun*. Lilitaw muli ang mga implikasyon nito sa diskusyon.

Ayon kina Degand at Evers-Vermeul (2015), mayroong magkatunggaling pananaw sa paglugar ng DM dahil na rin sa hindi malinaw at tiyak na depinisyon nito sa mga nakaraang pag-aaral. Bukod pa rito ay ang debáte kung ano nga ba ang naging proseso sa paglago ng mga DM: kung *grammaticalization* ba o kaya ay *pragmaticalization*. Sa isang banda, sinasabing ang mga DM ay produkto ng *grammaticalization* (Jaradat, 2021; Auer, 1996, sipi sa Koops at Lohmann, 2013; Traugott, 2010). Bagamat sinabi rin nila Degand at Evers-Vermeul (2015) sa kanilang papel na may ilang pagkakaipareho ang proseso ng *grammaticalization* at *pragmaticalization* katulad na lamang ng *decategorialization* (kung saan nagbabago ang kategorya ng isang lexeme o yunit, hal., mula *noun to verb*; Jing, 2021) at *layering* (kung saan kahit may mga bagong *functions*, nananatili pa rin ang lumang gamit nito; Jing, 2021), kanila ring sinabing ang pagkakaiba ng mga pananaw ay resulta ng hindi malinaw na depinisyon ng *grammar* at pagkategorya sa DM.

## 2.1 Mga Particles ng Tagalog

Ang mga Tagalog *enclitic particles* ay makikita sa huli ng isang pangungusap o salita. Halimbawa na lamang ay ang “so ayun na nga” na makikitaan ng *na* at *nga*. Upang mas maintindihan ang balarila ng Tagalog, ating himayin muna ang Tagalog *particles* na *na* at *nga*.

Mayroong 18 na Tagalog *enclitic particles* at nahahati ito sa apat na klase ayon kina Lim at Borlongan (2011). Ang *na*, kasama ng *pa*, ay kabilang sa unang klase kung saan ito ay tumutukoy sa pagpapatuloy, pagbibigay-alam sa kung ano ang bago, agarang aksyon, ano ang wakas, at pagbibigay-alam ng panahon. Sa unang halimbawang “so ayun na [nga]”, ang *na* ay maaaring nagbibigay-mensaheng ito ay wakas o tapos na. Ayon sa pag-aaral nina Lim at Borlongan (2011), ang *na* ay mas gamít kapag ang pangungusap na Tagalog ay hindi nagpapakita ng *code-switching*. Sa kabilang banda naman, ito ay nagbabago kapag nadidikit sa Ingles na pangungusap, at mas gamit ito sa balarilang Tagalog lalo na kapag ito ay may panaguring pandiwa sa hindi berbal na panaguri.

- (5) *Si Tatay ay nakauwi na.*<sup>4</sup>  
 si tatay ay  $\emptyset$ -n-(p)aka-?uwi(?)=**na**  
 PERS.ABS Father FM INTR-PFV-STEM3-return.home=**PRT.already**

Kung ang *na* ay isasalin sa Ingles, ito ay nagsasaad ng ‘now’ o ‘already’ kapag ito ay nakakabit sa Ingles na pangungusap katulad ng (6).

- (6) I think I have to go **na**.

Sa paggamit ng *na* maipapakitang ang pangyayari ay nangyari o tapos na. Ginagamit din ang *na* sa ganitong paraan.

<sup>4</sup>Ang mga halimbawa sa seksyong ito ay sariling pangungusap ng mga mananaliksik.

- (7) *Binuksan na niya.*  
Ø-<in>-buk(a)s-an=**na** niya  
INTR-PFV-open-TR2=**PRT.already** 2SG.GEN

- (8) The vendor left **na**.

Sa (7–8) maipapakitang ang panaguring pandiwa sa perpektibong aspeto ay lumalabas kapag ang pandiwa ay nakikita sa kahit anong oras. Sa Ingles na balarila, ito ay makikita sa pormang HAVE + *already* + *-ed*.

Bukod pa ryan, ang *na* ay lalabas bilang isang pagtangi o hindi pagsang-ayon sa isang pangungusap o ekspresyon. Pinapakita dito ang tunay na saloobin ng isang mananalita kapag ito ay binigkas o sinabi.

- (9) *Hindi na.*  
hindi(?)=**na**  
NEG=**PRT.already**

- (10) I am not doing it **na**!

Ang *na* ay nagpapakita rin sa isang pangungusap tungkol sa pang-abay na oras, maaring wala o meron itong ispesipikong oras at/o panahon.

- (11) *Alas-dos na ng hapon uwi ko.*  
alas-dos=**na** ng hapon ?uwi(?) ko  
two.o'clock=**PRT.already** GEN afternoon return.home 2SG.GEN

- (12) The Election 2022 is coming **na**.

At panghuli, ang *na* ay ginagamit kapag ang pangungusap ay nagsasaad ng kusa.

- (13) *Hindi ba sinabi ko sayo na*  
 hindi=ba Ø-<in>-sabi ko sa=(i)yo na  
 NEG=Q INTR-PFV-say POST.ISG.GEN 2SG.OBL CONJ  
*nagsiuwian na!*  
 Ø-n-(p)agsi-(?)uwi(?)-an=**na**  
 INTR-PFV-DUR.PL-return.home-DUR.PL=**PRT.already**

- (14) How many times do I have to tell you, you have to let go **na**.

Ang *nga* ay kabilang sa ikatlong klase ayon kina Lim at Borlongan (2011). Sa isang bandang obserbasyon, ang *nga* ay maaaring nagbibigay-suhestyon o nanghihikayat na labanan ang tagapagsalita ng Tagalog sa kanyang kausap.

- (15) *Sige nga.*  
 sige=**nga?**  
 PRT.go.ahead=**PRT**

Sa kabilang banda naman, kapag ito ay kinabitan na sa Ingles ng pangungusap maipapakitang ang sumagot o tagapakinig ay sumasang-ayon sa nagsasalita.

- (16) Oh yeah, actually he said that **nga**.

## 2.2 Philippine English Grammar

Ayon kay Orbe (2016), ang mga Espanyol at Amerikano ay naging malaking impluwensya sa ating *Standard Filipino English* o SFE at marami sa ating bokabularyo ay mula sa kanilang mga wika. Sinabi ni Orbe (2016) na ayon kay Kachru (1983), ang *Philippine English* ay kilala na rin bilang barayti ng Ingles. Dagdag naman ni Llamzon (1969, sipi sa

Orbe, 2016) na ang *Philippine English* ay isang *Filipinism* dahil ang mga *lexicon* at porma ng balarila nito ay may pagkakaiba mula sa *American English*.

Ayon kina Gonzalez at Alberca (1978, sipi sa Orbe, 2016), ang *Philippine English* ay nag-iiba sa iba't ibang tagapagsalita nito lalo na pagdating sa *linguistic features* nito. Kanila ring sinabing ang balarila ng *Philippine English* ay naiiba o may pagkakaiba sa balarila ng Ingles, tulad pagkakasunod ng mga salita, mga *case marker* na *ang*, pati na rin ang *subject-verb agreement*, na sinang-ayunan din ni Bautista (2001, sipi sa Orbe, 2016). Saad ni Gonzalez (1982, sipi sa Orbe, 2016) na bagamat sanay ang mga Pilipino sa *formal discourse* o istilo ng Ingles na ginagamit sa pormal na *set-up* ng isang silid-aralan, kaunti lamang ang pagkakaiba nito sa *informal discourse* na madalas ginagamitan ng *code-switching*. Kaya naman ang mga hiram na salita mula sa mga Amerikano at Espanyol ay gamit na gamit mapanghanggang ngayon, at kalimitang maririnig at ginagamit ang *code-switching*.

### 2.3 Code-switching

Hindi na bago *code-switching* sa nakakarami dahil patuloy itong ginagamit sa pormal at hindi pormal na pag-aaral. May iilang tinatanggap ang *code-switching* sa kanilang mga pang-akademikong gawain upang mas maibigay ng mga estudyante ang kanilang saloobin at natutunan mula sa mga naging pag-aaral.

Ayon kay Bautista (2004), ang isa sa mga pinagkuhaan ng datos para sa Tagalog-*English code-switching* ay ang mga babasahin tulad ng diyaryong *The Sun* bilang kauna-unahang gumagamit ng Tagalog-*English code-switching* upang mas ilahad pa ang istorya ng

bayan. Ang pagbabasa ng dyaryo sa panahon ngayon ay hindi na gaanong binibigyang pansin kaya naman para bigyan ng bagong pananaw ukol sa *naturalistic speech* ng Pilipino, kumuha rin ng datos sa mga interbyu at balita sa radyo at telebisyon (p. 227). Ayon sa kanyang mga nakalap na datos, nangyayari ang *code-switch* sa punto ng *utterance* kung saan ang istraktura ng dalawang wika ay nagtutugma. Mula sa pag-aaral nina Poplack at Sankoff (1988), mayroong dalawang uring nagpapakita ng pagkakaroon ng *code-switch* o pagsama ng Tagalog-*English* sa iisang pangungusap. Ito ay SWITCHING AT EQUIVALENCE POINTS O SMOOTH SWITCHING; ang pagkakaroon ng *code-switch* ay mula sa Tagalog *adverbial clause* na naging *English main clause* na may kasamang Tagalog *interjection*. Ang halimbawa niya rito ay ang isang pahayag ni Soho na “pag nagsalita ka, *they’d say* ‘ay naku, *she’s trying to be holier than thou.*” Naipakita ang pagkakaroon ng swabeng pagpalit mula sa Tagalog papuntang Ingles sa naturang halimbawa.

Ang pangalawa naman ay ang CONSTITUENT INSERTION na kung saan pumapasok ang isang salita sa isang pangungusap. Isa pang halimbawang sinaad ni Bautista (2004) ay ang, “Sa GMA ‘yung *objectivity has become part* na *of the culture.*” Sa pangungusap na ito maipapakitang ang mga *sa*, *’yung*, at ang *adverbial clitic na* ay naipapasok sa Ingles na pangungusap at nabibigyan ito ng maayos na pagpalit ng mga salita mula sa mga Ingles upang mas maintindihan ng mga mambabasa at tagapakinig.

Ang *code-switching* ay kalimitang maririnig sa mga *friendly discussion* pero ang pagkakaroon ng *code-switching* ay patuloy na tinatanggap sa kahit anong larangan upang mas madali at mabilis maintindihan ng kausap, punan ang mga salitang walang kahulugan sa Tagalog o

Ingles, at maging malinaw ang mensahe sa madla. Dagdag pa rito, hindi lamang Tagalog ang nagkakaroon ng *code-switching*, kundi pati na rin ang ibang mga wika ng Pilipinas katulad ng Ilocano-*English code-switching* (Pan, 1975; Raquel, 1979, sipi sa Bautista, 2004). Saad naman ni Myers-Scotton (1998, sipi sa Bautista, 2004) sa kanyang NEGOTIATION PRINCIPLE AT MARKEDNESS MODEL na ang pag-*code-switch* ay personal na kagustuhan o may personal na motibasyon ito. Sinabi ni Bautista (1999, sipi sa Bautista, 2004) na may rason ang partikular na pag-*switch*, na kaniyang tinawag bilang *communicative efficiency* o ang paggamit ng isa pang wika upang mas mapabilis at mapadali ang pagsasalita. Ang mga datos na kanyang nakalap ay hinati sa apat na uri: (a) *function words*, (b) *content words*, (c) *idioms*, at (d) *linguistic play*. Upang mabigyang pokus ang *function words* na konektado sa pag-aaral na ito, hindi na ipapaliwanag pa ang natirang tatlong uri.

Ang mga *function words* ay ang mga *enclitic* na *na* at *nga*. Ang pagkakaroon ng mga ito ay mas nagpapadali para sa mga Tagalog *speakers* dahil may mga salitang mahahaba kung ang *na* ay *already* sa Ingles, at ang *nga* naman ay wala dahil ang salitang itong ay naglalahad ng diin sa isang pangungusap. Kaya naman mahirap din ito bigyan ng salin sa Ingles. Kalimitan maririnig ang *nga* bilang pagsang-ayon sa isang tao tulad ng “oo nga” at pagbibigay ng diin patungkol sa pagkumpirma ng isang bagay tulad ng “*I called her nga*”. Mas maikling salita, mas madaling sabihin at intindihin (Bautista, 2004).



### 3 Batayang Teoretikal

Tinalakay sa seksyong ito ang proseso ng *grammaticalization*, ang dalawang uri nito, ilang parametrong ginamit upang matukoy ang konstruksyon ng SA, at ang *working hypothesis* na batayan ng diskusyon ng papel na ito.

#### 3.1 Ang Proseso ng Grammaticalization

Galing kina Jacobs at Jucker (1995) ang maikli ngunit malamang paglalarawan sa proseso; galing daw ito sa:

...historical syntax and morphology within a functionalist framework in which language change is seen as a process and not as a product. This line of research examines historical data in their discourse context. (p. 15)

Ayon naman kina Heine at Kuteva (2005), ang *grammaticalization* ay isang proseso kung saan ang mga *lexical items* ay nagiging *grammatical items*. Saklaw rin daw rito ang mga konstruksyon tulad ng mga ginagamit sa *discourse* dahil naapektuhan ang mga pormang gramatikal ng mga mas malawak na konteksto ng paggamit sa wika bukod sa mga pangungusap lamang.

Bagaman ay hindi *lexical items* ang dalawang salitang *so* at *ayun*, makikita natin mamaya kung paano silang maka-*categorize* bilang mga konsepto sa *framework* namin.

### 3.1.1 Ilang Parametro

Upang matukoy kung ang isang konstruksyon ay resulta ng pag-*grammaticalize*, mayroong mga *criteria* para rito. Galing muli kina Heine at Kuteva (2005, p. 15) ang mga sumusunod:

1. extension, i.e., the rise of novel grammatical meanings when linguistic expressions are extended to new contexts (context-induced reinterpretation);
2. desemanticization (or semantic bleaching), i.e., loss (or generalization) in meaning content;
3. decategorialization, i.e., loss in morphosyntactic properties characteristic of lexical or other less grammaticalized forms; at
4. erosion (or phonetic reduction), i.e., loss in phonetic substance.

Nakikita namin ito sa SA: ang pag-*generalize* sa kahulugan ng *ayun*, sa pagsabay nito ng kanyang paggamit sa mga bagong konteksto. Tila'y wala rin paghinto sa pagitan ng *so* at *ayun* kaya marahil ay ito'y *erosion* na rin, o kahit unang *stage* lamang nito.

Bukod dito, kung ang konstruksyon ay mayroong sariling natatanging kontekstong pumapayag sa paggamit nito, malamang ay bunga na ng pag-*grammaticalize* ang yunit na iyon (Santiago, 2021). Ayon nga sa mga pangunahing obserbasyon namin, pambungad o panghuli ang posisyon ito.

### 3.2 Ang Dalawang Uri ng Grammaticalization

Ang mga ito ay ang *reduction* at *expansion* (Traugott, 2010). Sa REDUCTION, madaling makakita ng halimbawa sa mga klitik, o mga *function words* na maaaring tawaging *prosodically defective* (Bonet, 2019). Sa ibang salita, kung ikukumpara sa karaniwang leksikon, halos walang ponolohikal na bigat ang mga ito. Saad din ni Bonet, sa kadahilanang ito, napupuwera silang dumikit sa mga katabing salita. Kung nakadikit ang isang klitik sa salitang sinusundan nito, INGLITIK O ENCLITIC ang tawag sa uring iyon. Sa kabilang banda, kung ang klitik ang nauuna, ito raw ay isang PROKLITIK O PROCLITIC (Merriam-Webster, w.p.). Ang HOST naman ay ang salitang kinakabitan ng mga klitik (Bonet, 2019).

Mula sa kung gaano kadikit sa *host* ang konstruksyon ng pag-*cliticize*, malalaman ang kaedaran o tagal ng pag-iral ng konstruksyong iyon (Bybee et al., 1991, sipi sa Traugott, 2010). Isang magandang halimbawa ang pang-ugnay na salitang *sapagkat*. Ayon sa *UP Diksiyonaryong Filipino*, pinagdugtong daw ang *sapagka* at *at*. At dahil ang pagbaybay nito dati ay *sapagka't* (Tagalog Lang, w.p.), mahihinuha na rin na nagtagal nga ang konstruksyong ito.

### 3.3 Ang Pragmaticalization

Sa EXPANSION naman, akmang ibungad dito ang konsepto ng *pragmaticalization*. Ang depinisyon ng una ayon kay Heine (2013) ay ang PRAGMATICALIZATION ay ang pagbuo ng mga DMs. May ilang parametrong binuod din niya (p. 1218):

1. syntactic isolation
2. lack of fusion

3. increase in semantic-pragmatic scope
4. optionality
5. non-truth conditionality
6. peculiar grammatical status

Dahil sa mga pagkakaiba ng mga parametro sa ilang aspekto, sa ilang pag-aaral na naitala ni Heine, marami raw ang nagde-debate kung ang pagbuo ng mga DMs ay instansya ng pag-*grammaticalize*. Ngunit mayroon din nagsasabing ang *pragmaticalization* ay isa na ring uri ng *grammaticalization* (e.g., Barth-Weingarten & Couper-Kuhlen, 2002; Wischer, 2000). Báse pa rin sa mga konseptong galing sa *grammaticalization*, ang pagbuo ng mga DMs at ang pragmatiks ay parte pa rin ng linggwistiks at ng gramatika. Ayon nga kay Traugott (2010),

If one were to exclude “pragmatic markers” because of their procedural, deictic function from grammaticalization, logically one would have to exclude all modals, tense, aspect, demonstrative and other typical grammatical markers, because they also have such functions. (p. 278)

Saad din niya, isang katangian ng *grammaticalization* ang pagdebelop ng isang porma patungo sa mas abstrak at *schematic* na gamit. Makikita ito sa SA: sa paglawak ng pagpapakahulugan sa *ayun* mula sa isang pisikal na bagay patungo sa isang abstrak na *referent* sa loob ng yunit ng diskurso, o di kaya’y ang pangmarka sa mismong yunit na iyon (Santiago, 2021). Kaya, sa papel na ito, gagamitin ang terminong *pragmaticalization* bilang *subtype* ng *grammaticalization*.

### 3.4 Mga Working Hypothesis

Ngayon, ang mga implikasyon ng teorya ay makikita sa pamamagitan ng mga *working hypothesis*. Ang una, sa pagbuo ng konstruksyon ng SA, ang *so* ay isang pang-ugnay na naging proklitik. Ang *(h)ayun*, mula sa isang deictic, ay naging *host*. Pareho silang *function words* o mga miyembro ng *closed class*, at sa simpleng salita, ang *cliticization* ng *so* ang nangyari.

Pangalawa, naisip naming *i-test* ang karakter ng SA sa pamamagitan ng *scene-setting*, kung saan ipinapaalam sa mga manonood o mambabasa ang lokasyon o oras ng pag-*vlog*, pag-*tweet*, atbp. Tatalakayin namin ang posibilidad nito sa mga nakalap naming datos.

## 4 Metodolohiya

Ang mga mananaliksik ng preliminaryong pag-aaral na ito ay nangalap ng datos mula sa mga bidyo ng ilang kilalang *vloggers*, mga *tweets* at komento, at sekundaryang datos mula na rin sa iba pang pag-aaral tungkol sa DMs. Upang makita kung saan ginagamit ng mga *vloggers* ang *so ayun* ay gumamit ng *parsing* sa pag-aaral na ito.

### 4.1 Saklaw ng Pag-aaral at Mga Limitasyon

Ang preliminaryong pag-aaral na ito ay nakapokus lamang sa paggamit ng wikang Filipino/Tagalog, konstruksyon ng *grammar* ng *Philippine English* at paggamit ng *Taglish*. Ang mga datos na sinuri ay kinuha sa mga *vlogs* (*video blogs*) mula sa YouTube at mga *tweet* sa Twitter, at may isa ring halimbawa mula sa Reddit. Ang mga ito ay na-*upload* o na-*post* mula 2008 hanggang 2023 lamang.

Dagdag pa rito, ang mga plataporma tulad ng YouTube at Twitter ay naitatag lamang noong 2006 kaya't walang maipapakitang datos mula sa mga panahon bago iyon. Kaya, hindi matitiyak sa pag-aaral na ito kung kailan at saan talaga nagsimula ang paggamit ng SA sa mga platapormang iyon. Gayunpaman, nagsumikap ang mga mananaliksik na maipakita ang paglapat ng SA sa teorya ng *grammaticalization* at mabigyang kaliwanagan ang posisyon nito sa kontemporaryong wika.

## 5 Resulta at Diskusyon

Narito ang mga katangian ng SA bási sa nakalap naming datos.

### 5.1 Ang Puwesto at Paggamit ng SA

Ipinapakitang ang SA ay may iba't ibang uri ng katangian ayon sa paggamit at puwesto nito sa *string of discourse*.

#### 5.1.1 Maraming Puwesto sa String of Discourse

Unang-una, ginagamit ito sa pambungad na pagbati sa mga manonood. Ito ang isa sa mga *catchphrases* ng *vlogger* na si CongTV.

- (17) *So ayun po ano?* *Wazzup sa inyo, mga*  
*so=(h)?ayun=po?=?ano* *wazzup sa=inyo mga*  
CONJ=DIST.ADD=PRT.HON=PRT.what what's.up 3PL.OBL PL  
*paa!* (REDC Vidz, 2021, 0:00)  
*pa?a*  
*feet<sup>5</sup>*

May silbi rin ito bilang pambungad sa isang bagong *topic*. Ang susunod na halimbawa ay galing kay Joshua Salom, na noon ay estudyante sa isang *high school* sa Japan. Nagvo-*vlog* siya sa YouTube para sa mga kapwa niyang Pilipino.

- (18) **So ayun** *guys,* *nag-drawing* *si*  
**so=(h)?ayun**=guys  $\emptyset$ -n-(p)ag-drawing *si*  
**CONJ=****DIST.ADD**=guys TR-PFV-DUR-drawing PERS.ABS  
*Ally nito,* (JoshuaSalom, 2019, 6:35)  
 Ally=n(a)=?e:to  
 Ally=LKR=PROX.ABS

Maaaring sabihing mga maliliit na yunit ng diskurso ang mga *tweet* (dahil maaaring gumawa ng *discussion thread*, atbp.) kaya makikita rin ang SA bilang pambungad ng mga ito.

- (19) **So ayun...** *nagmeeting* *na naman kanina sa*  
**so=(h)?ayun**  $\emptyset$ -n-(p)ag-meeting *na=naman kanina sa*  
**CONJ=****DIST.ADD** INTR-PFV-DUR-meeting PRT.again earlier LOC  
*work.* (@jl\_schluter, 2008)  
 work  
 work

Kung ginagamit ang SA sa simula, may silbi rin siyang pang-*transition*.

---

<sup>5</sup>*Paa* ang *term of endearment* sa mga manonood ni CongTV.

- (20) *Ahm, un accident near my cousin's place .. sorry,*  
 un accident near my cousin's place sorry  
 an accident near my cousin's place sorry
- di q na-mention .. so ayon*  
 (hin)di(?)=ko Ø-n-(p)a-mention **so=(h)?ay(u)on**  
 NEG=POST.ISG.GEN INTR-PFV-DUR-mention **CONJ=DIST.ADD**
- let's continue praying .. (@andzi4, 2009)*  
 let's continue praying  
 let's continue praying

Pansinin ang dalawang klosang pumapagitan sa SA. Tila na ang klosang nauuna rito ang *premise* at ang pangalawa naman ang konklusyon.

Sa dulo, ginagamit ang SA bilang pang-*conclude* at pangwakas. Para sa una, ito ang nasa hulihan ng sumusunod, isang *tweet* kung saan ginamit ang SA para sa paglalagom ng *tweet*, na tungkol sa regalong *merch* ng EXO, isang grupong K-pop.<sup>6</sup> Marahil ang “cy” ay tumutukoy kay Chanyeol, isang miyembro ng grupo.

- (21) *meron na kc akong cy na design*  
 m(ay)er(o?)on=na kasi ?ako-ng=cy=na=design  
 EXIST=PRT.already CONJ ISG.ABS-LKR=Chanyeol=LKR=design
- so ayun skl exo is lyf eh*  
**so=(h)?ayun** skl exo is life=e  
**CONJ=DIST.ADD** s(hare) k(o) l(ang) EXO is life=PRT  
 (@daksehun, 2023)

<sup>6</sup>Interesanteng ginamit din niya ang SA sa unahan nito. Makikita ang buong *tweet* sa listahan ng mga sanggunian.



Para sa pangalawa, narito ang isa pang *excerpt* mula sa isang komento sa Reddit, sa isang *post* na tungkol sa pagkuha ng *transcript of records* (TOR) para sa mga estudyante ng Unibersidad ng Santo Tomas. Ang SA mismo ang huling elemento sa buong komento.

- (22) *kapag kinuha mo yung diploma mo,*  
 kapag  $\emptyset$ -<in>-kuha mo (i)y(o)u(n)-ng=diploma mo  
 CONJ TR-PFV-take 2SG.GEN DIST.ABS-LKR=diploma 2SG.GEN  
*may kasama na rin*  
 may=ka-sama=na rin  
 EXIST=COLL-PRT.already PRT.also  
*yun na ToR* **so ayun.**  
 (ha)yun=na=tor **so=(h)?ayun**  
 DIST.ADD=LKR=transcript.of.records CONJ=DIST.ADD  
 (Left-Driver8I48, 2022)

### 5.1.2 Nasa Labas ng Klosa

Upang maituring ang pariralang *so ayun* bilang konstruksyong SA, hindi dapat bahagi ng isang klosa ang pariralang ito. Ang (23) ay isang *counterexample* kung saan makikita ang *so ayun* bilang parte ng klosa. Galing ito kay Pamela Jacar, isang mananaliksik sa UP Korea Research Center, noong ininterbyu siya ng ABS-CBN tungkol sa *appeal* ng K-pop sa mga Pilipino.

- (23) *Mayroon kasi silang distinct flavor on their own.*  
mayro(?o)n kasi sila-ng=distinct flavor on their own  
EXIST because 3PL.ABS-LKR=distinct.flavor on their own  
**So ayun 'yong kinaganda**  
**so (h)?ayun** (i)yo(n)-ng=∅-<in>-ka-ganda  
CONJ DIST.ADD DIST.ABS-LKR=INTR-PFV-STEM5-beauty  
*sa K-pop kasi,* (Lozano, 2018)  
sa=k-pop kasi  
OBL=K-pop because

Malinaw na ang *ayun* sa pangungusap na ito ay tumutukoy sa ahente ng klosa. Samantala, isang natatanging sintaktik na yunit na nag-iisa ang SA, na makikita sa mga iba pang halimbawa sa taas.

Tugma ito sa pagtala nina Schachter at Otones (1972) na idinudugtong sa *ayun* ang isang buong klosa gamit ng *at*. Kaya, marahil ang nangyari sa paglipas ng panahon ay nawala na ang *at* sa pagitan ng *ayun* at ng klosa.

### 5.1.3 Maaaring Mag-function ang So at Ayun nang Mag-isa

Ibig sabihin, maaaring magpalitan ang SA at ang dalawang *component* nito sa iisang *function* at posisyon sa pangungusap. Makikita sa sumusunod na ginamit bilang pambungad ang *so* lamang.

- (24) *So napanood ko na*  
**so** Ø-n-(m)apa-no?od ko na  
**CONJ** INTR-PFV-INV-watch **POST.ISG.GEN** **PRT.already**  
*yung UP haha pano na ako*  
 (i)y(o)u(n)-ng=UP haha pa(?a)no=na ako  
**DIST.ABS-LKR=UP** **how=PRT.already** **ISG.ABS**  
*makaka move on with life*  
 m-(p)aka-ka-move-on with life  
**INTR-CNTMP-STEM3~RED-move.on** with life  
 (@changkiho\_, 2022)

Isinasama na rin ang *so* sa mga pamagat ng bidyo, ayon sa isang makikita sa channel ni Joshua Salom: “**SO** UMUWI AKO NG PILIPINAS + TATTOO PRANK | VLOG#50” (JoshuaSalom, 2021). Ginamit din niya itong pang-*transition*. May isa siyang *classmate* na Pilipinang naglapag ng *opening statement* ng kaniyang *vlog*. Mula doon, binigkas naman ni Joshua ang *so* sa paglipat niya sa susunod na *topic*.

- (25) *Konnichiwa what’s up sa inyo mga ka-salompas*  
 konichiwa whats=up sa=inyo manga ka-salompas  
 hello what’s.up 2PL.OBL PL **COLL-salompas**<sup>7</sup>  
*andito po kami sa school*  
 Ø-(n)-ka-n-dito=po kami sa=school  
**INTR-PFV-STAT-EPE-PROX.OBL=PRT.HON** **IPL.ABS** **LOC=school**

*ngayon ayan si Joshua. So ang first subject*  
*ngayon (i)?ayan si Joshua so ?ang first subject*  
 PRT.NOW MED.ABS PERS.ABS Joshua CONJ ABS first subject  
*natin ngayon ay ano ba? (JoshuaSalom, 2019, 0:15)*  
*natin ngayon ?ay ?ano=ba*  
 POST.IPL.GEN now FM what=Q

Gaya ng pinakita sa *so*, ang *ayun* ay ginagamit din bilang pambungad nang mag-isa.

(26) *Ayun. So I guess Dennis Venturina was killed*  
*(h)?ayun so I guess Dennis Venturina was killed*  
 DIST.ADD So I guess Dennis Venturina was killed  
*nung Grade 3 or Grade 4 pa lang ako.*  
*n(o?o)u(n)-ng grade 3 or grade 4=pa=lang ?ako*  
 then-LKR grade.3 or grade.4=PRT.still=PRT.only ISG.ABS  
 (@atomicgirl, 2007)

Ginagamit din sa pag-*conclude* ang *ayun*. Makikita ito sa *tutorial* ng pagbato ng semento sa YouTube. Dito, ang paggamit ng “ayun, mga boss” ang isang senyas ng pagwawakas ng *tutorial*.

(27) *Ayun, mga boss, kung kayo man ay gustong*  
*(h)?ayun mga=boss kung kayo man a:y gusto-ng*  
 DIST.ADD PL=boss CONJ 2PL.ABS PRT FM want-LKR  
*matuto kung paano magbato*  
*m-(k)a-tuto kung pa?ano m-(p)ag-bato*  
 CNTMP-STAT-learn CONJ how CNTMP-DUR-throw

---

<sup>7</sup>*Ka-salompas* ang tawag sa mga *fans* ni Joshua Salom.

*ng semento gamit yung kutsara,*  
 ng=semento gamit (i)y(o)u(n)-ng=kutsara  
 OBL=cement using DIST-LKR=spade  
 (Kayelen's Amazing Construction Ideas, 2020, 8:39)

#### 5.1.4 Maaaring May Yunit sa Gitna

Balik tayo kay Joshua Salom: sa bandang simula ng isa niyang *vlog*, ginamit ang SA sa pag-*introduce* ng bagong yunit ng diskurso. Kaya lang, may salitang *guys* sa gitna ng dalawang *component*.

(28) *So guys ayun 'no, pinayagan ako*  
 so=guys=(h)?ayun=(?a)no Ø-<in>-pa:yag-an ?ako  
 CONJ=guys=DIST.ADD=PRT INTR-PFV-allow-TR2 ISG.ABS  
*ni Mama na magpa-ano 'no,*  
 ni=Mama na Ø-m-(p)ag-pa:?ano=(?a)no  
 PERS.GEN=mama LKR INTR-CNTMP-DUR-PRT.what  
*magpa-hikaw uli (JoshuaSalom, 2019, 4:47)*  
 Ø-m-(p)agpa:-hi:kaw ?ule?  
 INTR-CNTMP-DUR-earring PRT.again

#### 5.1.5 Maaaring Baliktarin

Nagpapalit din pala ng puwesto ang S at ang A. Maririnig ito sa isang TEDx *talk* ng OPM *artist* na si Gloc-9.

- (29) *Naging super fan talaga ako ni Mr. C*  
 Ø-n-(p)aging=super fan talaga ?ako ni=Mr. C  
 INTR-PFV-TRA=super.fan PRT.really ISG.ABS PERS.GEN=Mr. C  
*uh, ayun so, sabi ko, “Mr. C, lagi namin*  
 a: (h)?ayun=so: sabi=ko Mr. C lagi=namin  
 DIST.ADD=CONJ say=ISG.GEN Mr. C always=IPL.GEN  
*kinakanta sa school mga songs mo.”*  
 Ø-<in>-ka-kanta sa=school mga=songs mo  
 INTR-IPFV-RED~sing OBL=school PL=songs 2SG.GEN  
 (TEDx Talks, 2014, 3:56)

Interesante ring pansinin na, nang tapusin niya ang unang klosa, tumawa ang *audience* at tila’y ginamit din niya ang *ayun so* bilang pampakalma sa kanila, dahil may susunod pa siyang sasabihin.

## 5.2 Mga Sekondaryang Obserbasyon

Para sa sekondaryong layunin ng papel na ito, ipapakita ang ilan sa mga talang obserbasyon para sa paggamit ng SA.

### 5.2.1 Maraming mga Posibleng Kombinasyon ng mga Ingklitik at Proklitik

Sa tweet na ito, makikitang dinugtong ang *na nga* pagkatapos ng SA.

- (30) *So, ayun na nga,*  
**so (h)?ayun=na=nga?**  
**CONJ DIST.ADD=PRT.already=PRT.indeed**  
*tweet limit na ako* (@beautifulieeee, 2019)  
*tweet limit=na ?ako*  
*tweet.limit=PRT.already ISG.ABS*

Mayroon ding naitalang paggamit ng *nga po* 'no tulad na lamang ng tweet na ito.

- (31) *so ayun nga po no* *sa*  
**so=(h)?ayun=nga(?)=po(?)=(?a)no** *sa*  
**CONJ=DIST.ADD=PRT.indeed=PRT.HON=PRT.what OBL**  
*sobrang rupok ko umorder ako*  
*sobra-ng=rupok ko Ø-um-order ?ako*  
*excess-LKR=fragile POST.ISG.GEN INTR-PFV-order ISG.ABS*  
*ng isang sg ni jaehyun* (@jaehyunzeux, 2018)  
*nang=?isa-ng=sg ni=jaehyun*  
**OBL=one-LKR=SG<sup>8</sup> PERS.GEN=Jaehyun**

### 5.2.2 May Ponolohikal at Ortograpikal na Pagbabago ang SA

Akma ang terminong ginamit noon nina Schachter at Otones (1972, p. 215) sa pagsabi nila na may freely alternating forms ang *(h)ayun*, *(h)ayan*, at *(h)eto*. Tinutukoy nila ang pagpalit ng tunog na [h] at ng impit na [ʔ]. Ngunit, sa aming datos ay pawang walang [h] ang A ng

<sup>8</sup>Sa komunidad ng K-pop, ang *SG*, mula sa 'season's greetings,' ay tumutukoy sa *merch* o mga bibilhan mula sa mga *idols* sa panahon ng Pasko at Bagong Taon.

mga SA. Maaari ring isa ito sa mga unang proseso ng *sound change* sa konstruksyon, na sinundan ng iba sa paglipas ng panahon.

Makikita rin ang ilan sa mga naging ortograpikal na pagbabago ng SA. Makikita sa tweet na ito na ginamit ang *ayern*.

- (32) *So ayern na nga ..* *waiting sa vce* *for*  
*so=(h)?ay(u)ern=na=nga?* *waiting sa=vce* *for*  
*CONJ=DIST.ADD=PRT.already=PRT.indeed* *waiting OBL=VCE<sup>9</sup>* *for*  
*sg para makabuy ako* *with pob*  
*sg para Ø-m-(p)aka-buy=?ako* *with pob*  
*SG CONJ INTR-CNTMP-STEM3-buy=IABS* *with POB<sup>10</sup>*  
(@heolhyunjae0913, 2021)

Bukod sa mga ito, kapansin-pansin ding ang SA ay may *associating* o *accommodating* na tono. Masasabi ito dahil karaniwang may salitang *guys* o anumang termino nila para sa kanilang mga *fans* na kasama, tulad ng (27) at (28).

Sa (29), napasabi din si Gloc-9 ng *ayun so* nang tumawa ang mga tagapakinig, kaya mukhang may *social* na *intension* o *function* ang SA. At tila’y hindi na ito makakaila kung aalalahaning kinakabitan din ito ng *po*, na siyang makikita sa (17) at (31).

### 5.3 Diskusyon at Pagbalik sa mga Haypotesis

Tungkol sa pagiging proklitik ng *so*, mukhang hindi ito nangyayari bási sa mga nabanggit na obserbasyon. Maaaring mag-*function* ng

---

<sup>9</sup>Ang ibig sabihin ng *VCE* ay ‘video call event,’ kung saan pwedeng makausap ng mga K-pop *idols* ang kanilang *fans* sa pamamagitan ng *video call*.

<sup>10</sup>Ang ibig sabihin ng *POB* ay ‘pre-order benefits’ kapag bumibili ng mga K-pop *album*, na kadalasan ay mga *photocards*.



mag-isa ang *so* at *ayun*, nagkakaroon ng yunit sa pagitan ng mga ito, at puwede silang baliktarin. Bukod dito, hindi palaging *prosodically defective* (Bonet, 2019) ang *so* bilang klitik. Sa isa pang halimbawa galing sa talk ni Gloc-9, mayroong bahagyang mabigat na paghinto pagkatapos ng buong pagbigkas niya ng *so*.

- (33) *‘Di ako nagka-Adam’s apple e*  
 (hin)diʔ=?ako Ø-n-(p)ag-ka-adams-apple=?e  
 NEG=ISG.ABS INTR-PFV-DUR-STAT-Adam’s.apple=PRT  
*‘di ko alam kung paano, e. So, ‘yun na, pero*  
 (hin)di(ʔ)=ko=?alam kung paʔano=e so (ha)yun=na pero  
 NEG=ISG.GEN=KNOW PRT how=PRT CONJ DIST.ADD=PRT CONJ  
*in terms of OPM (TEDx Talks, 2014, 4:14)*  
 in terms of OPM  
 in terms of OPM

Makikita rin ito sa ortograpiya lalo na sa mga tweets, tulad ng (30), na pagdating sa *punctuation mark* ay ginagamit ang kuwit, tuldok, o kahit *ellipsis*.

Kaya, kung may naki-*cliticize*, marahil ay *ayun* ito dahil ito ang elementong tinatangalan ng tunog, i.e., ang unang pantig nito. Ngunit kailangan pa natin ng ebidensya para maipakitang nagiging *dependent* ang *ayun* sa *so* bago natin mahinuhang isa nga itong ingklitik.

Sa kabilang banda, may ebidensya para sabihing may *scene-setting* na *function* ang SA. Madalas mapansin ito sa mga pambungad. Sa simula ng vlog tungkol sa araw ng pagtatapos nina Joshua Salom, ginamit niya ang SA nang ganito.

- (34) *So ayun 'no, mga ka-salompas,*  
**so=(h)?ayun=(?a)no** mga ka-salompas  
**CONJ=DIST.ADD=PRT PL COLL-salompas**  
*nandito na tayo*  
 $\emptyset$ -n-(k)a-n-dito=na tayo  
**INTR-IPFV-STAT-EPE-PROX.OBL=PRT.already INCL.PL.ABS**  
*sa school yeah di ko alam kung sino*  
 sa=school yea: (hin)di(?)=ko=?alam kung sino  
**LOC=school NEG=ISG.GEN=know PRT.if PERS.ABS.INTE**  
*yung nasa classroom* (JoshuaSalom, 2020, 1:35)  
 (i)y(o)u(n)-ng=nasa=classroom  
**DIST.ABS-LKR=OBL=classroom**

At sa isa pang bidyo, sa pagbigay ng oras naman.

- (35) *So, guys, ayun 'no, lunchtime namin*  
**so** guys **(h)?ayun=(?a)no** lunchtime=namin  
**CONJ guys DIST.ADD=PRT.what lunchtime=IPL.GEN**  
*ngayon 'no,* (JoshuaSalom, 2019, 5:23)  
 ngayon=(?a)no  
**now=PRT.what**

Makikitang sa paggamit ng SA dito, ipinapaalam sa manonood ang konteksto ng nangyayari.

## 5.4 Ang Tinutukoy ng Ayun

Báse sa mga obserbasyon namin dati, maaari nating sabihin, sa simpleng salita, na *conjunction* o *transitioning/concluding element* ang *so*, at ang mga abstrak na ideya ng *vlog*, *talk*, atbp. ang tinutukoy ng *ayun*. Kung

gayon, para sa mga *transition* at panghuling pagbati, madaling mahinuha ang *referent* ng *ayun* alinsunod sa konteksto—ang tinutukoy nito ay ang mga nauuna sa *stretch of discourse*.

Ngunit sa kabilang banda, nakita natin sa kasaysayan ng *ayun* na baliktad ang nangyayari. Masasabi nating magsisilbing pambungad ang *ayun*, hindi lang sa *vlog* kundi sa konstruksyon na rin mismo ng pambungad. Masdan muli ang (4) mula kina Schachter at Otones (1972, p. 215).

(4) *Ayun at nasa isang taxi sila.*

(h)?ayun at nasa ?isa-ng=taxi sila

DIST.ADD CONJ OBL one-LKR=taxi 3PL.ABS

‘There they are in a taxi.’

Báse sa kahulugan ng buong *statement*, ang *referent* ng *ayun*, na sumusunod sa nawalang *at*, ang buong klosang may *taxi*. Kaya, sa mga buong pangungusap kung saan ito ginagamit (pambungad man o hindi), tinutukoy ng *ayun* ang mga sumusunod na *statement*: ang silbi ng buong pangungusap, e.g., ang pagbati ng *what’s up* sa mga tagapanood ni CongTV (17). Ngunit ito ay nakasalig sa orihinal na gamit lamang ng *ayun*. Ngayong may silbi rin ito bilang pangwakas (22), ang bagong haypotesis namin ay na-*grammaticalize* ang *ayun* sa kahulugan at paggamit, at paglipat ng puwesto kahit sa huli ng isang klosa, na nagiging *referent* nito. Saka na lang siya kinabitan ng *so*.

## 5.5 Paglalagom at Konklusyon

Sa papel na ito, tinunton namin ang pinanggalingan ng SA sa pamamagitan ng pagsuri sa mga kahulugan ng *so* at *ayun*. Nakita nating

gáling talaga sa *ayun* ang SA (dahil sa natural na pagpuwesto ng *ayun* sa unahan), at ipinakita rin kung bakit hindi ito parte ng klosa (dahil sa *ayun-at-klosa* na konstruksyon). Sa paglaganap ng *Taglish*, idinikit lang dito ang *so*, ngunit hindi pa ito matatawag na isang klitik, at ang *ayun* ang mas nagsisilbi bilang klitik.

Tiyak na may implikasyon ang pinanggalingan ng SA sa paggamit nito. Nadokumento namin ang mga puwesto ng konstruksyon, na may direktang kaugnayan sa silbi at kahulugan nito. Mula rin sa kasaysayan ng *ayun*, natukoy namin kung alin ba talaga ang *referent* nito. Nailatag din namin ang mga hinuha ukol sa SA, mula sa lebel ng ponolohiya hanggang sa pragmatiks.

*So ayun*, nakita natin mula sa datos na may samu't saring gamit, lokasyon, konteksto, at kombinasyon ng mga klitik sa SA konstruksyon. Hindi gaanong ka-*fixed* ang silbi at posisyon nito tulad ng inakala namin noong una, at natuklasan namin ang tanging karakter ng SA bilang DM.

## 6 Mga Rekomendasyon

Sa kadahilanang marami ang naging limitasyon ng pag-aaral sa paksang ito, nais ng mga mananaliksik na mapalawig pa ito sa hinaharap. Maaaring siyasatin ang posibilidad na nakadepende na sa indibidwal ang paggamit ng SA at walang tuntuning nagdidikta sa paraan ng paggamit nito. Sa ibang salita, tila na malaki ang papel ng idyolek sa paggamit ng SA; maaaring tingnan ang epekto ng mga *personal factors*, tulad ng *social status*, *educational background*, atbp., sa pag-iiba ng mga *forms* nito. Kaya nararapat na mas damihan at lawakan pa ang datos

na ikakalap, lalo na sa mga iba't ibang kombinasyon ng proklitik at inklitik.

Dahil ang pag-aaral na ito ay nakapokus lamang sa pag-aanalisa ng SA sa konteksto ng *Taglish* at *Philippine English*, maaaring suriin ang mga DMs sa konteksto ng iba pang mga wika at dayalekto sa Pilipinas. Katulad na lamang ng paggamit ng salitang *ayun* upang ipahiwatig ang *satisfaction* o ekspresyong nagsasaad na maganda ito sa paningin ng mga tao—ito ay kapansin-pansin sa mga tagapagsalita ng Maynila, ayon sa isa sa mga kakilala naming taga-Davao. Ang ganitong obserbasyon ay maaaring palalimin pa upang mas makita ang pag-iiba ng konteksto ng *ayun* sa iba pang wika ng Pilipinas na maaaring dinidikit din sa *so*. Karagdagang rekomendasyon na rin ang pagkalap ng datos na mula sa ibang *registers*, tulad ng *naturalistic speech* o sa mga lumang publikasyon kagaya ng dyaryo at mga nobela.

Isa lamang ang SA sa maraming mga DM at yunit ng ekspresyon, kaya magandang makita ang aplikasyon ng teorya ng *grammaticalization* sa mga ito, tulad halimbawa ng *naol* (*sana all*), *whomst've*, at iba pang ginagamit sa kontemporaryong wika. Maaari ring pag-aralan ang mga ito gamit ang iba at mas bagong teorya tulad na lamang ng *cooptation* (Heine, 2013) o kaya ang *construction grammar* (Traugott, 2010).

Dagdag pa rito, magandang gawing halimbawa para pag-aralan ang pagbabago ng wika ang mga DM dahil sensitibo ang mga ito sa mga *language trend*, pati na rin sa mga pagbabago sa paggamit ng wika (Vincent, 2005, sipi sa Degand at Evers-Vermeul, 2015). Maaaring mabigyang-lalim pa ang pag-aaral na ito sa patuloy na pagtalakay sa mga naging pagbabago, iba pang paggamit, at pati na rin ang mga naging barayti ng SA sa mga nakalipas na taon.

## 7 Mga Sanggunian

- @andzi4. (2009, Oktubre 18). *Ahm, un accident near my cousin's place .. sorry, di q namention .. so ayon let's continue praying ..* [Post]. X. <https://x.com/andz14/status/4961029798>
- @atomicgirl. (2007, Agosto 31). *Ayun. so i guess Dennis Venturina was killed nung Grade 3 or Grade 4 pa lang ako. 1st yr ako* [Post]. X. <https://x.com/atomicgirl/status/238524412>
- Barth-Weingarten, Dagmar, & Couper-Kuhlen, Elizabeth. (2002). On the development of final though: A case of grammaticalization? Sa Ilse Wischer & Gabriele Diewald (Pat.), *New reflections on grammaticalization* (pp. 345–361). John Benjamins. <https://doi.org/10.1075/tsl.49.22bar>
- Bautista, Ma. Lourdes S. (2004). Tagalog-English code switching as a mode of discourse. *Asia Pacific Education Review*, 5, 226–233. <https://doi.org/10.1007/BF03024960>
- @beautifulieee. (2019, Enero 17). *So ayun na nga, tweet limit na ako #tunogsethlicover @itsmeangelieofc* [Post]. X. <https://x.com/beautifulieee/status/1085751350351224832>
- Bonet, Eulalia. (2019, Agosto 28). Clitics and clitic clusters in morphology. Sa *Oxford research encyclopedia of linguistics*. Oxford University Press. <https://doi.org/10.1093/acrefore/9780199384655.013.519>
- Buysse, Lieven. (2012). So as a multifunctional discourse marker in native and learner speech. *Journal of Pragmatics*, 44(13), 1764–1782. <https://doi.org/10.1016/j.pragma.2012.08.012>
- Bybee, Joan L., Pagliuca, William, & Perkins, Revere D. (1991). Back to the future. Sa Elizabeth Closs Traugott & Bernd Heine (Pat.),

- Approaches to grammaticalization: Types of grammatical markers* (pp. 17–58, Tomo 2). John Benjamins. <https://doi.org/10.1075/tsl.19.2.04byb>
- @changkiho\_. (2022, Enero 3). *So napanood ko na yung UP haha pano na ako makaka move on with life* [Post]. X. [https://x.com/changkiho\\_/status/1477907310366593024](https://x.com/changkiho_/status/1477907310366593024)
- @daksehun. (2023, Disyembre 7). *So ayun may xmas party kami sa work, yung nilagay ko sa wishlist yung shirt na sehung from kvibes, meron* [Lakip na larawan] [Post]. X. <https://x.com/daksehun/status/1732643941403771072>
- De Ramos, Jennifer Tan. (2010). A comparative study of the discourse marker types in the body section of the research papers of DLSU students. *TESOL Journal*, 2, 62–73.
- Degand, Liesbeth, & Evers-Vermeul, Jacqueline. (2015). Grammaticalization or pragmaticalization of discourse markers? More than a terminological issue. *Journal of Historical Pragmatics*, 16(1), 59–85. <https://doi.org/10.1075/jhp.16.1.03deg>
- Heine, Bernd. (2013). On discourse markers: Grammaticalization, pragmaticalization, or something else? *Linguistics*, 51(6), 1205–1247. <https://doi.org/10.1515/ling-2013-0048>
- Heine, Bernd, & Kuteva, Tania (Pat.). (2005). *Language contact and grammatical change*. Cambridge University Press. <https://doi.org/10.1017/CBO9780511614132>
- @heolhyunjae0913. (2021, Disyembre 30). *So ayern na nga .. waiting sa vce for sg para makabuy ako with pob.. bahala na maghanap nung pob na* [Post]. X. <https://x.com/heolhyunjae0913/status/1476441367408951298>

- Hsieh, Fuhui, & Tanangkingsing, Michael. (2006, Enero 17–20). *The empty root in Cebuano and Kavalan: A cognitive perspective* [Presentasyon]. Tenth International Conference on Austronesian Linguistics, Puerto Princesa City, Palawan, Philippines. <https://sil-philippines-languages.org/ical/>
- Jacobs, Andreas, & Jucker, Andreas H. (1995). The historical perspective in pragmatics. Sa Andreas H. Jucker (Pat.), *Historical pragmatics: Pragmatic developments in the history of English* (pp. 3–36). John Benjamins. <https://doi.org/10.1075/pbns.35.04jac>
- @jaehyunzeux. (2018, Nobyembre 3). *So ayun nga po no sa sobrang rupok ko umorder ako ng isang sg ni jaehyun tapos isang sg ni* [Lakip na larawan] [Post]. X. <https://x.com/jaehyunzeux/status/1058398115483463681>
- Jaradat, Abdulazeez. (2021). Grammaticalization of discourse markers: Views from Jordanian Arabic. *Heliyon*, 7. <https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2021.e07632>
- Jing, Gaowa. (2021). The grammaticalization of Mandarin diao. Sa Meichun Liu, Chunyu Kit, & Qi Su (Pat.), *Lecture notes in computer science: Vol. 12278. Chinese lexical semantics (CLSW 2020)* (pp. 173–186). Springer International. [https://doi.org/10.1007/978-3-030-81197-6\\_16](https://doi.org/10.1007/978-3-030-81197-6_16)
- @jl\_schluter. (2008, Disyembre 19). *So ayun... nagmeeting na naman kanina sa work* [Post]. X. [https://x.com/jl\\_schluter/status/1066899974](https://x.com/jl_schluter/status/1066899974)
- JoshuaSalom. (2019, Setyembre 25). *School life in Japan | ang mga ibon | vlog#23* [Bidyo]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=FDW7CJZ8FPA>



- JoshuaSalom. (2020, Abril 1). *School life in Japan | graduation day | vlog#40* [Bidyó]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=O5HEPxzKCZI>
- JoshuaSalom. (2021, Pebrero 22). *So umuwi ako ng Pilipinas + tattoo prank | vlog#50* [Bidyó]. YouTube. [https://www.youtube.com/watch?v=\\_f5p1DnhWxQ](https://www.youtube.com/watch?v=_f5p1DnhWxQ)
- Kayelen's Amazing Construction Ideas. (2020, Mayo 30). *Paano mag bato ng semento sa pader?-ibat ibang paraan ng pagbato ng semento-tutorial* [Bidyó]. YouTube. [https://www.youtube.com/watch?v=4t4OvIkmX\\_8](https://www.youtube.com/watch?v=4t4OvIkmX_8)
- Koops, Christian, & Lohmann, Arne. (2013). Discourse marker sequencing and grammaticalization. Sa *Berkeley Linguistics Society 39: General session and special session on space and directionality* (pp. 108–122). Linguistic Society of America. <https://doi.org/10.3765/bls.v39i1.3873>
- Kwon, Myong-shik. (2017, Oktubre 12–13). *Pragmaticalization and relexification as a contact induced linguistic change in pidgin-creole Shaba Swahili* [Presentasyon]. 7th Institute of African Studies HK International Conference, Hankuk University of Foreign Studies, Yongin, South Korea.
- Latrouite, Anja. (2013, Disyembre 13–15). *Information structure and grammaticalization in Tagalog* [Abstrak]. International Workshop on Information Structure of Austronesian Languages, Tokyo University of Foreign Studies, Tokyo, Japan.
- Latrouite, Anja. (2014). Information structure and grammaticalization in Tagalog. Sa *Proceedings of the International Workshop on Information Structure of Austronesian Languages* (pp. 159–

- 170). Research Institute for Languages and Cultures of Asia and Africa; Tokyo University of Foreign Studies. <https://doi.org/10.15026/75997>
- Left-Driver8148. (2022, Nobyembre 11). *Hi OP! honestly, mas madali for me na doon nalang mismo kasi usually mas matagal dumating kapag via online. usually* [Komento sa online forum]. Reddit. <https://www.reddit.com/r/Tomasino/comments/yrun3d/comment/ivw71km/>
- Lesada, Joseph. (2017). *Taglish in Metro Manila: An analysis of Tagalog-English code-switching* [Di-gradwadong tesis]. University of Michigan. Deep Blue Documents. <https://hdl.handle.net/2027.42/139623>
- Lim, JooHyuk, & Borlongan, Ariane Macalinga. (2011). Tagalog particles in Philippine English: The case of ba, na, 'no, and pa. *Philippine Journal of Linguistics*, 42, 58–74.
- Loureiro-Porto, Lucía. (2019). Grammaticalization of semi-modals of necessity in Asian Englishes. *English World-Wide*, 40(2), 115–143. <https://doi.org/10.1075/eww.00025.lou>
- Lozano, Marie. (2018, Mayo 21). K-pop at K-drama, bakit mabenta sa mga Pinoy? *ABS-CBN News*. <https://news.abs-cbn.com/life/05/21/18/k-pop-at-k-drama-bakit-mabenta-sa-mga-pinoy>
- Luraghi, Silvia, & Bubenik, Vit (Pat.). (2010). *The Continuum companion to historical linguistics*. Continuum.
- Merriam-Webster. (w.p.). Clitic. Sa *Merriam-Webster.com dictionary*. Kuha noong Enero 19, 2022, mula sa <https://www.merriam-webster.com/dictionary/clitic>

- Orbe, Ma. Celeste. (2016, Hunyo). Characteristics of Philippine English. *ResearchGate*. [https://www.researchgate.net/publication/317869788\\_Characteristics\\_of\\_Philippine\\_English](https://www.researchgate.net/publication/317869788_Characteristics_of_Philippine_English)
- Poplack, Shana, & Sankoff, David. (1988). Code-switching. Sa Ulrich Ammon, Norbert Dittmar, & Klaus J. Mattheier (Pat.), *Sociolinguistics: An international handbook of the science of language and society* (pp. 1174–1180, Tomo 2). Walter de Gruyter.
- REDC Vidz. (2021, Hulyo 2). “so, ayun po, ano? wazzup sa inyo, mga paa!” in other languages [Bidyó]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=16R2xEMps8Q>
- Redeker, Gisela. (1991). [Reb. ng *Discourse markers*, ni Deborah Schiffrin]. *Linguistics*, 29(6), 1139–1172. <https://doi.org/10.1515/ling.1991.29.6.1139>
- Reid, Lawrence A. (2000). Sources of Proto-Oceanic initial prenasalization: The view from outside Oceanic. Sa *Grammatical analysis: Morphology, syntax, and semantics* (pp. 30–45). University of Hawai’i Press. <https://www.jstor.org/stable/20000139>
- Reid, Lawrence A. (2002). Determiners, nouns, or what? Problems in the analysis of some commonly occurring forms in Philippine languages. *Oceanic Linguistics*, 41(2), 295–309. <https://www.jstor.org/stable/3623312>
- Santiago, Vincent Christopher A. (2021, Oktubre 5). *Grammaticalization* [Powerpoint]. University Virtual Learning Environment (UVLê). <https://uvle.upd.edu.ph/login/index.php>
- Schachter, Paul, & Otnes, Fe T. (1972). *Tagalog reference grammar*. University of California Press.

- Schiffrin, Deborah. (1987). *Discourse markers*. Cambridge University Press. <https://doi.org/10.1017/CBO9780511611841>
- Sentro ng Wikang Filipino. (w.p.). Sapagkat. Sa *UP diksiyonaryong Filipino*. Kuha noong Enero 21, 2022, mula sa <https://diksiyonaryo.ph/search/sapagkat>
- Tagalog Lang. (w.p.). Sapagkat. Sa *Tagalog-English dictionary*. Kuha noong Enero 21, 2022, mula sa <https://www.tagaloglang.com/sapagkat/>
- TEDx Talks. (2014, Nobyembre 12). *Tagahanga ng OPM | Gloc-9 | TEDxDiliman* [Bidyó]. YouTube. [https://www.youtube.com/watch?v=Gt8\\_7gMFI04](https://www.youtube.com/watch?v=Gt8_7gMFI04)
- Traugott, Elizabeth Closs. (2010). Grammaticalization. Sa Silvia Luraghi & Vit Bubenik (Pat.), *The Continuum companion to historical linguistics* (pp. 271–285). Continuum.
- Vincent, Diane. (2005). The journey of non-standard discourse markers in Quebec French: Networks based on exemplification. *Journal of Historical Pragmatics*, 6 (2), 188–210. <https://doi.org/10.1075/jhp.6.2.03vin>
- Walrod, Michael R. (2006, Enero 17–20). *The marker is the message: The influence of discourse markers and particles on textual meaning* [Presentasyon]. Tenth International Conference on Austronesian Linguistics, Puerto Princesa City, Palawan, Philippines. <https://sil-philippines-languages.org/ical/>
- Wischer, Ilse. (2000). Grammaticalization versus lexicalization: ‘methinks’ there is some confusion. Sa Olga Fischer, Anette Rosenbach, & Dieter Stein (Pat.), *Pathways of change:*

*Grammaticalization in English* (pp. 355–370). John Benjamins.  
<https://doi.org/10.1075/slcs.53.17wis>

## 8 Appendix

### 8.1 Talaan ng mga Daglat

I	first person	IPFV	imperpektibo
2	second person	LKR	linker
3	third person	MED	medial
ABS	absolutibo	NEG	negation, negative
ADD	attention-directing deictic	OBL	oblique
COLL	kolektibo	PERS	personal
CONJ	conjunction	PFV	perpektibo
CNTMP	kontemplatibo	PL	plural
DIST	distal	POST	post-verbal
DUR	durative	PRT	particle
EPE	epenthetic na tunog	PROX	proximal
EXIST	existence particle	Q	question particle/marker
FM	focus marker	RED	reduplikasyon
GEN	genitive	SG	singular
HON	honorific	STAT	stative
INCL	inclusive	STEM <sub>3</sub>	abilitative
INTE	interrogative	STEM <sub>5</sub>	happenstance/stative verb
INV	involuntary	TR	transitibo
INTR	intransitibo	TRA	transformative